# MGA ALARMA NG USOK: ITO AY BATAS

**Kung may sunog sa inyong bahay...Lumabas. Manatili sa labas.Tawagan kaagad ang 9-1-1.**



Magkaroon ng gumaganang alarma ng usok sa bawat palapag ng inyong bahay at sa labas ng lahat ng higaang lugar. Responsibilidad ng mga may-ari ng bahay na mag-install at imintina ang mga alarma ng usok. Responsibilidad din ng mga landlord na tiyakin na ang kanilang pinapaupahang property ay nakakatupad sa batas.



Ang mga nangungupahan sa isang paupahanng bahay ay KAILANGANG abisuhan kaagad ang landlord kapag nalaman nila na:

- Diskonektado ang isang alarma ng usok sa kanilang bahay.
- Ang isang alarma ng usok sa kanilang bahay ay hindi umaandar o nasira.

KAILANGANG HINDI i-disable ng mga nangungupahan ang alarma ng usok. Labag ito sa batas!



Para sa karagdagang proteksyon, mag-install ng mga alarma ng usok sa lahat ng silid-tulugan.



Subukan ang mga alarma ng usok buwan-buwan sa pamamagitan ng pagdiin at pag-hold sa test button.



Palitan ang mga baterya nang kahit isang beses kada taon o kapag ang alarma ay matinis ang tunog. Pag-isipan ang paggamit ng mga alarma na may worry-free na 10-taon na bateryang lithium.



Palitan ang mga alarma ng usok na higit na sa 10 taong gulang sa bawat palapag ng bahay.



Kung maaari, mag-install ng interconnected na mga alarma ng usok. Sa isang alarma na tutunog, ang lahat ng mga ito ay tutunog, inaalertuhan ang mga residente sa bawat palapag ng bahay.



Kapag pinapalitan ang interconnected na mga alarma ng usok, inirerekumenda na palitan ang lahat ng unit sa system nang sabay. Kung kailangan ninyong palitan ang iisang hindi gumaganang alarma, tiyakin na ang bagong alarma ay compatible sa umiiral na mga unit.



Kapag ang inyong alarma ng usok ay madalas na naa-activate kapag nagluluto kayo, HUWAG TANGGALIN ANG BATERYA O ALARMA. Pag-isipan ang paglipat sa alarma sa ibang lokasyon o palitan ito ng isang photoelectric unit.




Mag-install ng mga alarma ng usok at mga pang-alertong Device na nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga taong bingi o nahihirapang makarinig. Kabilang sa nasabing mga device ang kumikislap-kislap na strobe lights para sa biswal na mga alerto, at isang shaker ng unan o  kama na ina-activate sa pamamagitan ng tunog ng standard na alarma ng usok.


905.458.5580
bramptonfire.com
firelife@brampton.ca
BramptonFire
@BramptonFireES

# MGA ALARMA NG USOK: ITO AY BATAS

**Bumili ng mga |to – I-install ang mga Ito – Subukan ang mga Ito**

## SAAN KO DAPAT I-INSTALL ANG AKING ALARMA NG USOK?

**I-install ang alarma ng usok sa o malapit sa kisame o ayon sa tinukoy sa mga tagubilin sa pag-install ng tagagawa.**




Ang mga alarma ng usok ay ii-install sa o malapit sa mga kisame at hindi sa loob ng espasyo na walang hangin

**Kapag mag-i-install kayo ng alarma ng usok sa maling lugar, ang reaksyon nito na umusok ay maaaring maaantala o maaaring hindi ito tumunog ng alarma.**

905.458.5580
bramptonfire.com
firelife@brampton.ca
BramptonFire
@BramptonFireES
BRAMPTON